
# SA ISANG BUOOONG TAON



# SA ISANG BUOOONG TAON



*Pamantayan sa Pagkatuto*

*Natutukoy ang bahagi ng binasang kuwento- simula, kasukdulan, katapusan* ***F4PU-Ia-2***

Treasury of Storybooks

* * * * * * * * * * * * * * * * * * *

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval of conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assembles and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

DEVELOPMENT TEAM







**S**a lahat ng araw sa buong taon, ang araw ng Pasko ang pinakahihintay namin ng **best friend** kong si Baste. Lahat naman yata ng mga bata sa buong mundo ay ito ang pinakahihintay na araw sa isang buoooooooong taon. Tuwing araw ng Pasko lang kung kami ay nagkakaroon ng maraming aginaldo mula sa aming mga ninong at ninang. Tuwing araw lang din ng Pasko kami nakapagsusuot ng magagarang damit at sa araw ding ito ang lahat ng tao ay masaya, sama-samang nagdiriwang, at walang nag-aaway. Lahat ay nagkakabati. Ito ang pinakamasayang araw sa buoooooooong mundo.




Minsan, naiisip namin ni Baste sana gumawa si Papa Jesus ng isang kalendaryo na puro Disyembre 25, nang sa ganoon ay lagi kaming maging masaya at hindi na kailangang maghintay pa ng isang araw sa isang buooooooong taon. Halos araw-araw ay binibilang namin at minamarkahan ang mga numero sa kalendaryo upang malaman namin kung ilang tulog at gising pa bago mag Pasko.



Sa isang buoooooooong taon si Baste lamang ang lagi kong kasa-kasama. Bata pa lang kami ay magkaibigan na. Kahit magkaiba ang estado namin sa buhay ay nagkakasundo kami sa lahat ng bagay. Mayaman si Baste at ako ay mahirap lamang. May apat na malalaking bahay sina Baste. Kami naman, isang maliit na barong-barong lamang na halos sardinas na kami sa sikip at halos magkapalit-palit na rin ang aming mga mukha dahil sa sobrang liit ng aming bahay. May dalawang mommy at dalawang daddy si Baste, samantalang ako, isa lang ang nanay at tatay ko. Mula sa malayo tanaw ko ang malapalasyong bahay nila sa dungawan ng aming bahay. Sa isip ko sana dumating ang araw na maging kasing yaman ko si Baste, yung parang ikaw na ang pinakamasuwerteng bata sa buoooooooong mundo.



Madalas sabihin sa akin ni Baste na higit daw akong masuwerte kaysa sa kanya. Mga sampung beses na masuwerte. Sa isip ko, paano ako magiging mas masuwerte sa kanya? Samantalang si Baste na yata ang pinakamasuwerting bata sa buoooooooong mundo na nakilala ko. Wala na yatang higit na mapalad pa kaysa sa kanya. Lahat na yata ng bata ay pangarap na matamasa ang buhay na mayroon siya. Pero bakit ganoon tila ba walang saya akong nababakas sa kanyang mga mata? Parang lungkot at pangungulila ang nababanaag ko sa mga mata niya o sadyang ganoon lang talaga ang kanyang mga mata? Malungkot na animo' y porselanang manika.



Magkakahiwalay ang apat na bahay nina Baste. Kung minsan nasa bahay kami ng isang pamilya niya. Pamilya raw ng mommy niya ‘yon. May pagkakataon naman, nasa bahay kami ng pamilya ng daddy niya. Minsan naman, sa lolo niya at sa isang bahay ng lola niya. Hayyyy, nakakapagod din pala kapag marami ang bahay. Sabi ni Baste, mas masaya raw siya kapag nasa barong-barong na bahay namin. Ewan ko ba ganyan siguro talaga ang mga mayayaman kung minsan nagsasawa rin sa kakalibot sa kanilang malapalasyong bahay.




Magkaiba rin ang paaralan namin ni Baste. Ako ay nasa pampublikong paaralan at siya naman ay sa bahay lamang nag-aaral. Pero kahit ganoon, sobrang taas ng mga grado niya. Matalino si Baste, madalas siya ang nagtuturo sa akin sa mga aralin. Gusto rin daw niyang mag-aral kung saan ako nag-aaral, pero sabi niya bawal daw siya sa lugar na maraming mga bata. Ganoon siguro talaga ang mga mayayaman sa bahay lang talaga nag-aaral. **Home study** daw ang tawag doon, katulad siya ng mga kilala kong artista na sa bahay nag-aaral.



Tuwing sasapit ang Pasko masayang-masaya si Baste kasi sa araw na ito lang niya nakakasama nang kumpleto ang kanyang mga magulang. Minsan sa isang taon lamang sila nagkakasama-sama bilang isang pamilya. Kaya ganoon na lamang ang dinarasal ni Baste na sana araw- araw ay Pasko. Dahil tuwing araw ng Pasko lamang niya nararamdaman ang isang buong pamilya. Hindi katulad ko, araw-araw mayroon akong nanay at tatay at ang dalawa ko pang makukulit na kapatid. Kung minsan nga may mga araw na nagsasawa na kami sa mga hilatsa ng aming mga mukha dahil halos dalawampu't apat na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo kami ay nagkakasama sa maliit na bahay.




Ewan ko ba kung bakit ganoon ang pamilya ni Baste? Madalas din banggitin ni Baste sa akin na sana raw magkapalit na kami ng mga magulang. Pero parang imposible ‘yon dahil wala namang maraming pera sina Nanay at Tatay na katulad ng mga magulang ni Baste. Di rin kasing sosyal ng mommy ni Baste ang nanay ko dahil tindera lang siya ng isda sa palengke. Mas lalo naman ang daddy ni Baste makinis at mamula-mula ang balat na animo’y makopa, laki sa layaw at sobrang yaman. Samantalang si tatay maitim na ang balat sa pagkakabilad dahil sa pagiging **tricycle driver**, makapal at puro kalyo rin ang kanyang mga kamay dahil sa pagtatrabaho sa **construction**.



Tuwing sasapit ang araw ng Pasko, inaabangan ko ang mga regalong natatanggap ni Baste. Ngayong taong ito, niregaluhan siya ng isang napakagandang bisikleta ng kanyang **daddy**. Sobrang gara nito, umiilaw pa at may parang disenyo ng paborito kong **cartoons** sa telebisyon. Heto 'yong pinapangarap kong bisikleta na nakikita ko sa ibang mga bata sa plasa na di mabili-bili ni tatay. Samantalang ako, isang bagong tsinelas lang ang regalo sa akin ni tatay. 'Yon lang daw kasi ang nakayanan niyang bilhin. Pero okey lang 'yon kasi naiintindihan ko naman na hindi kami kasing yaman nina Baste. Ang mahalaga lang ay maski paano may regalo akong galing kay tatay at para sa akin wala ng gaganda pa sa regalo na bigay sa akin noong araw na iyon.




Nagdasal ako kay Papa Jesus na sana sa susunod na Pasko mabilhan na ako ng bisikleta ni Tatay kahit hindi ganoon kagara basta may ipagyayabang lang ako sa aking mga kaklase. Sabi ni Baste kapag daw nagkita sila ni Papa Jesus ibubulong daw niya ang bisikletang pinapangarap ko. Tawang-tawa ako kay Baste, paano niya makikita si Papa Jesus? Sobrang layo ng langit. Malayong-malayong ito. Kahit siguro maghapon pa naming gamitin ang bisikleta niya papuntang langit ay di kami aabot.



Minsan habang masaya kaming nakasakay sa bisikleta ni Baste, bigla na lamang siyang natumba mula sa kanyang kinalalagyan. Laking takot ko dahil akala ko patay na ang aking best friend. Dali-dali siyang isinugod sa ospital samantalang ako ay naiwang mag-isa. Ano kaya ang nangyari kay Baste? Makakapaglaro pa kaya kami? Makasasakay pa kaya kami sa kanyang magarang bisikleta?




Lumipas ang maraming araw hindi pa rin kami nagkikita ni Baste. Sabi ni Nanay bawal daw muna siyang makita o dalawin habang siya ay nagpapagaling. Makalipas ang mahabang panahon ng paghihintay, iniuwi na si Baste. Pero di tulad ng dati, iba na ang kanyang itsura. Maputlang-maputla na ang kanyang balat na animo'y ibinabad sa suka, payat at nakaupo sa isang upuang animo'y bisikleta. Sa isip ko baka binilhan na naman siya ng bagong modelong bisikleta. Pero kakaiba ang bisikletang ito. Ang sabi ni Nanay, wheel chair daw ang tawag doon. Mula sa malayo, tanaw ko ang malungkot na mukha ni Baste. Isang kaway ang kanyang ibinigay, tanda na masaya siyang makita ako.



Simula noong araw na iyon may kung anong kakaibang nangyayari sa tahanan nina Baste. Di tulad ng dati na malungkot at tahimik. Sa isang buoooooooong taon ang kanilang tahanan ay napapalamutian ng sarisaring mga pandekorasyong pamasko gaya ng makukulay na parol, makikintab na ornamento at makikislap na pailaw na para bang ikaw ay nasa kalawakan. Kahit kasagsagan ng tag-init, balot ang bahay nila ng mga palamuti sa isang buoooooooong taon.

Sa isang buoooooooong taon di mabilang ang Christmas tree sa kanilang bahay. Makikita ang mga ito mula sa labas ng bahay hanggang sa loob, may malalaki at may maliliit. Pinapalamutian ang mga ito ni Baste kasama ang kanyang mommy at daddy ng makukulay na dekorasyon. Katulad ng pangarap ni Baste, siya ang naglalagay ng **star** sa itaas ng Christmas tree. Ngayon ko lang nakita ang labis na tuwa ng aking best friend. Ito na yata ang pinakamasayang mukhang nakita ko.





Sa isang buoooooooong taon, di ko na rin mabilang kung ilang regalo na ang inihahatid sa bahay nila. Halos araw-araw ay may natatanggap na regalo si Baste mula sa kanyang mga ninong at ninang. Paano pa kaya magkakasya ang pagkarami-raming regalo sa kanilang bahay? Samantalang ako ay tuwing Pasko lamang nakatatanggap ng regalo mula kina Tatay at Nanay.



Sa isang buoooooooong taon, di ko na mabilang kung ilang mga nangangaroling ang pumupunta sa tapat ng kanilang bahay. Kahit panahon ng tag-ulan patuloy pa rin ang pangangaroling ng mga tao. Mula sa bintana kitang-kita ang labis na katuwaan ni Baste. Nakabisado ko na nga yata lahat ng awiting pamasko dahil halos araw-araw ganito ang aking naririnig.



Sa isang buoooooooong taon araw-araw nagpapatugtog ng mga masasayang awiting pamasko sa kanilang tahanan. Kahit na kalakasan ng bagyo ay maririnig pa rin ang mga masasayang awiting pamasko. Di tulad ng dati walang maririnig na kahit anong ingay sa loob ng kanilang tahanan maliban lamang sa nakagugulat na tunog ng antigong orasan.


Sa isang buoooooooong taon, di ko na rin mabilang kung ilang noche buena na ang aking nasaksihan sa loob kanilang bahay. Araw- araw may mga masasarap na pagkain ang inihahanda sa mesa. Ito ang mga araw na nakikita ko na sama-samang kumakain ang pamilya ni Baste. Di tulad ng dati, minsan sa isang taon lang sila nagsasama-sama sa hapag-kainan.



At ang pinakapaborito ko sa lahat ay ang isang buoooooooong taon nilang pagsindi sa makikislap at makukulay na fireworks at mga pailaw kapag gabi. Sabi ni Nanay, paraan daw ‘yon ni Baste upang maipahatid ang mensahe niya kay Papa Jesus. Dahil nga sa mayaman sina Baste ay madali lang sa kanila na magdiwang ng pasko kahit araw-araw o sa isang buoooooooong taon.



Sayang nga lang bawal pumunta sa bahay nila. ‘Yon daw ang kabilin-bilinan ng doktor. Namimis ko na ang best friend ko. Kailan kaya ang araw na makakasama ko siyang muli? Sa isang buoooooooong taon hindi kami nagkita at nakapagkuwentuhan. Sa isang buoooooooong taon hindi rin kami nakapaglaro at hindi rin niya ako naturuan sa aking mga takdang-aralin. At sa isang buoooooooong taon hindi ko nayakap ang aking best friend.



Dumating na ang araw ng Pasko. Ito na ang pinakapaborito kong araw sa lahat. Sabi ni Nanay puwede na raw puntahan si Baste sa bahay. Sa wakas makikita ko na si Baste. Sa araw na ito, mapapansin ang tila kakaibang nangyayari sa kanilang bahay. Tila wala na ang mga makukulay na pailaw at dekorasyon. Wala na ring mga masasayang tugtugin at ang maraming handa sa mesa.



Nang mga sandaling iyon, hindi ko maipaliwanag kung anong bigat ang aking nararamdaman. Ang pananabik ay tila natakpan ng kung anong kaba sa dibdib na animo'y may mga paruparong dumadapo sa aking tiyan. Hindi pa ako nakakatapak mula sa kinatitirikan ng kanilang bahay, may kung anong kakaibang negatibong puwersa ang sa akin ay humihila papunta sa loob ng malaking bahay.



Mula sa pintuan ng bahay nila ramdam ko ang lungkot na tila bumabalot sa loob ng kanilang tahanan ng mga sandaling iyon. Bitbit ang aking regalo kay Baste na inipon ko sa aking mga sobrang baon. Tila may kakaibang bigat akong nararamdaman. Sa loob ng kanilang tahanan ay makikita ang sandamakmak na regalong nakabalot. Ito raw ang mga regalong natanggap ni Baste sa isang buooooooong taon. Hindi ko mabilang sa aking daliri kung ilang regalo ang mayroon sa loob ng bahay na iyon.



Sabik na sabik na akong makita si Baste. Ngunit wala ni anino niya ang aking nasilayan. Sa halip isang garapon na gawa sa marmol ang aking nakitang hawak-hawak ng mga magulang ni Baste. Ang sabi ni Nanay nasa loob daw ng garapong iyon ang mga abo ni Baste. Hindi ko maunawaan kung paano magkakasya si Baste sa loob ng garapong iyon. Ang sabi ng mommy at daddy niya wala na raw ang aking best friend.



Ipinaliwanag sa akin ni Nanay ang tunay na nangyari kay Baste. Mayroon pala siyang sakit na **cancer**. Nakamamatay daw iyon. Kahit hindi ko lubusang naiintindihan ang mga pangyayari, unti-unting naging malinaw sa akin na patay na ang aking best friend. Niyakap ako nang mahigpit ni Nanay habang ako ay umiiyak.



Noong araw na iyon, pumunta kami sa isang lugar na kung tawagin ay **rehabilitation center**, ito raw ang lugar kung saan naroon ang maraming batang maysakit katulad ni Baste. Ipinamahagi namin sa mga bata ang napakaraming regalo na natanggap ni Baste sa isang buooooooong taon. Labis ang tuwang aking naramdaman nang makita ko ang ngiti sa pisngi ng mga batang maysakit. Dito namin ipinagdiwang ang araw ng Pasko dahil ito raw ang kahilingan ni Baste.




Pag-uwi ko, isang malaking regalo ang aking nadatnan sa sala ng aming bahay. Pamilyar ang hugis nito kahit ito ay nakabalot. Dali-dali ko itong binuksan at laking gulat ko nang makita ko ang laman ng regalo. Isang napakagarang bisikleta ang aking natanggap. Mula rito ay may nakalakip na maikling sulat. Binasa ko ito at ako’y napaluha.

Sa aking best friend na si Karlo,

Sa aking paglisan, nais kitang pasalamatan sa lahat ng iyong ginawa at sa pagiging mabuting kaibigan. Tanggapin mo ang regalo kong bisikleta bilang alaala ng ating masayang pagsasamahan. Maraming salamat sa mga oras na inilaan mo sa huling yugto ng aking buhay.

Ang iyong best friend,

Baste




Simula noon, tuwing araw ng Pasko dinadalaw namin ang puntod ni Baste. Sa isang buoooooooong taon, walang araw na hindi ko naisip ang masasayang araw ng aking best friend. Noon ko naisip na totoo palang higit akong mapalad kaysa sa kanya. Dahil kahit mahirap kami wala ng hihigit pa sa isang buong pamilya na nagmamahalan at may malusog na pangangatawan dahil ito ang tunay na yaman.



Isang kuwento ng pagkakaibigan, pag-asa at pagmamahal sa pamilya. Paano nga ba magdiwang ng Pasko araw-araw? Ano nga ba ang tunay na sukatan ng yaman, kaligayahan at perpektong buhay? Tunghayan ang kuwento ng magkaibigang Baste at Karlo kung paano nasubok ng isang malubhang karamdaman ang kanilang pagkakaibigan.

